

Sakit Mula sa Ebola Virus Disease (Ebola)

1. Ano ang Ebola?

Ang Ebola ay isang bihirang sakit na nagdulot ng mga paglaganap (mas maraming nagkasakit kaysa sa karaniwan) sa Kanlurang Africa. Sa ngayon, mayroong isang malawak na paglaganap ng Ebola sa mga bansa, tulad ng sa Guinea, Sierra Leone, at Liberia.

2. Paano kumakalat ang Ebola?

Kumakalat ang Ebola sa mga tao sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga likido sa katawan ng pasyente, tulad ng laway, dugo, suka, ihi, tae, at pawis. Pumapasok ang virus sa katawan sa pamamagitan ng mga sugat o galos sa balat o sa mga mauhog na lamad (balat na mala-espongha tulad ng nasa iyong ilong o bibig). Ang Ebola ay maaari ring maikalat ng mga nahawaang bagay, tulad ng karayom, na nadikitan ng mga likido sa katawan. Ang Ebola ay maaari ring kumalat pagkatapos ng kamatayan, kapag inihahanda ang katawan ng pasyente para iilibing. Ang Ebola ay hindi maaaring kumalat sa pamamagitan ng hangin, pagkain, o tubig.

Tumatagal ng 8–10 araw para sa karamihan ng mga tao na makuha ang mga sintomas, ngunit maaari itong maging 2–21 na araw. Maaaring ikalat ng mga pasyente ang virus habang mayroon silang lagnat o iba pang sintomas. Ang mga tao na walang mga sintomas ay hindi maaaring ikalat ang Ebola.

3. Ano ang mga sintomas ng Ebola?

Maaaring isanhi ng Ebola ang mga palatandaan ng sakit na ito:

- Pananakit ng Ulo
- Lagnat
- Panghihina
- Pagtatae
- Pagsusuka
- Sakit ng tiyan
- Kawalan ng ganang kumain
- Abnormal na pagdurugo

4. Paano ginagamot ang Ebola?

Walang tiyak na gamot o bakuna laban sa Ebola. Sa halip, ang paggamot ay nakatutok sa pagpapanatiling buhay ang pasyente sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga likido at pamamahala ng mga malubhang problema sa kalusugan na maaaring mangyari.



Mga pangunahing puntos:

- Ang panganib na magkasakit mula sa Ebola ay napakababa sa E.U. at sa County ng LA.
- Maaari lamang ikalat ng mga pasyenteng may Ebola ang sakit kapag mayroon silang mga sintomas.
- Ang isang tao ay dapat na magkaroon ng direktang kontak sa mga likido sa katawan ng pasyente upang mahawa.
- Ang kagawaran ay nagpapatupad ng mga pamamaraan para sa kaligtasan upang maiwasan ang pagkalat nito sa County ng LA, kung may kaso mang dumating ditto.

Para sa karagdagang impormasyon:

Los Angeles County,
Department of Public Health
<http://www.publichealth.lacounty.gov/media/ebola.htm>

California Department of Public Health
<http://cdph.ca.gov/programs/cder/Pages/Ebola.aspx>

Centers for Disease Control and Prevention
http://www.cdc.gov/vhf/ebola/outbreaks/guinea/qa.html?mobile=no_content

5. Ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ang Ebola?

Mayroong napakababa hanggang walang panganib ng pagkalat sa publiko. Ang mahalaga ay maiwasan ang kontak sa sinuman na may sakit na Ebola. Ang Mga Sentro Para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control, CDC) ay humihiling sa publiko ng Estados Unidos na iwasan ang mga hindi kinakailangang paglalakbay sa mga bansa sa Kanlurang Africa na kasalukuyang apektado ng Ebola, dahil maaaring hindi sila magkaroon ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kung sila ay magkasakit. Kung kamakailan lamang mong binisita ang isa sa mga bansang ito, at nagkaroon ka ng kontak sa isang tao na may Ebola, magpatingin sa iyong doktor at banggitin ang iyong kamakailan lamang na paglalakbay. Kahit na hindi ka magkaroon ng kontak sa isang tao na may Ebola, kunin pa rin ang iyong temperatura dalawang beses bawat araw. Kung magkaroon ka ng lagnat o iba pang sintomas sa loob ng 21 araw ng iyong pagbabalik sa E.U., tumawag sa iyong doktor at banggitin ang iyong kamakailan lamang na paglalakbay.

6. Ano ang ginagawa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa County ng LA upang pigilanang Ebola?

Sa ngayon walang mga kaso ng Ebola sa County ng LA. Kami ay nagpapatupad ng mga pamamaraan para sa kaligtasan upang maiwasan at itigil ang pagkalat nito sa County ng LA, kung may kasong dumating dito. Halimbawa, nakikipagtulungan kami:

- Sa mga doktor at mga ospital sa County, sa CDC at sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH) upang mahanap ang sinuman na maaaring magkaroon ng sakit.
- Sa Paliparang Internasyonal ng Los Angeles (LAX) para tukuyin ang sinumang tao na may mga palatandaan ng sakit na nagmumula sa mga lugar na may paglaganap nito.
- Sa mga doktor at mga ospital sa County ng LA upang tiyakin na ginagamit nila ang mga mabubuting pamamaraan para kontrolin ang impeksiyon upang maiwasan ang mga posibleng pagkalat ng Ebola kung may nakita silang pasyente na maaaring mayroong sakit.

Gustong alamin pa ang tungkol sa kasalukuyang pagkalat ng sakit?

Para sa impormasyon tungkol sa nakaraan at kasalukuyang mga kaso at pagkamatay ayon sa bansa, bisitahin ang:

Centers for Disease Control and Prevention
<http://www.cdc.gov/vhf/ebola/outbreaks/guinea/index.html>

World Health Organization (WHO)
<http://www.who.int/mediacentre/factsheets/fs103/en/>

